JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Iksaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 2:
## Tono, Diin at Antala sa Pagbigkas ng Tula



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 2: Tono, Diin at Antala sa Pagbigkas ng Tula**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Juriefe A. Gahuman

**Editor:** Sheila Mae M. Magale

**Tagasuri:** Sheila Mae M. Magale/Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Vicente S. Araneta Jr.

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph




# *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang inyong isaisip. Nakakatulong ito upang matulungan kang Magpakatao at Maging Kasapi ng Pamilya. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na magamit ito sa maraming iba't- ibang mga sitwasyon sa pag-aaral. Ang wika na ginamit ay kinikilala ang magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga aralin ay inayos upang sundin ang karaniwang pagkakasunud-sunod ng kurso. Ngunit ang pagkakasunud-sunod kung saan mo basahin ang mga ito ay maaaring mabago upang tumugma sa aklat na ginagamit mo ngayon.

Pagkatapos mong mapagtagumpayang sagutin ang modyul na ito, inaasahan sa ikaw ay:

- Nabibigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang napakinggang tula. **(F5PS-Ie-25)**



# *Balikan*

**Panuto sa Mag-aaral:** Basahin ang tulang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" ni Andres Bonifacio. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Pag-ibig Sa Tinubuang Lupa**

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagkadalisay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinub'ang lupa
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Ulit-uliting mang basahin ng isip
At isa-isahing talastasing pilit
Ang salita't buhay na limbag at titik
Ng sangkayauhan ito'y namamasid.

Banal na pag-ibig! Pag ikaw ang nukal
Sa tapat na puso ng sino't alinman

Imbi't taong-gubat, maralita't mangmang
Nagiging dakila at iginagalang.

Pagpupuring lubos ang palaging hangad
Sa bayan ng taong may dangal na ingat:
Umawit, tumula, kumatha't sumulat
Kalakhan din niya'y isinisiwalat.

Walang mahalagang hindi inihandog
Ng may pusong mahal sa baying nagkupkop:
Dugo, yaman, dunong, katiisa't pagod
Buhay may abuting magkalagot-lagot.

Bakit? Alin ito na sakdal nang laki
Na hinadadlangan ng buong pagkasi?
Na sa lalong mahal makapangyayari
At ginugugulan ng buhay sa iwi?

Ay! Ito'y ang Inang Bayang tinubuan.

*https://www.kapitbisig.com/philippines/poems-written-during-the-spanish-regime-pag-ibig-sa-tinubuang-lupa-tula-ni-andres-bonifacio_1108.html*

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang mga kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa ibaba na mababasa mula sa tula.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pagmamahal | ipinagmalaki | busilak | lumaki | mahirap |
| pasulat na gawa | mahusay | walang alam | nakulong | |

_____ 1. Ang halaman ay na-nukal mula sa lupa.

_____ 2. Nailimbag na ang mahalagang panuntunang pambansa.

_____ 3. Manatili tayong maralita kung hindi tayo magsisikap.

_____ 4. Lumaki siyang mangmang sa sariling wika.

_____ 5. Maraming tao na sakdal sa sariling paniniwala.

_____ 6. Mabuti ang isang tao na may pag-ibig sa Panginoon.

_____ 7. Bukal sa loob ng mga magulang ang pagpupuri sa mga anak.

_____ 8. Si Andres Bonifacio ay isang dakila na bayani sa ating bayan.

_____ 9. Ang mga bayani ay naglilingkod sa bayan nang may mabuting dangal.

_____ 10. Tinuturuan ng mga magulang ang mga anak sa <u>dalisay</u> na pananampalataya sa panginoon.

| Aralin 2 | Tono, Diin, Damdamin at Antala sa Pagbigkas ng Tula |
|---|---|

## *Tuklasin*

**Gawain**

**Panuto:** Basahin ang tulang pinamagatang "Sa Aking mga Kababata". Kailangang basahin ito nang may wastong tono, diin, antala at damdamin at sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

**Sa Aking Mga Kabata**
Jose Rizal

Kapagka ang baya'y sadyang umiibig
Sa kanyang salitang kaloob ng langit,
Sanlang kalayaan nasa ring masapit
Katulad ng ibong nasa himpapawid.

Pagka't ang salita'y isang kahatulan
Sa bayan, sa nayo't mga kaharian
At ang isang tao'y katulad, kabagay
Ng alin mang likha noong kalayaan.

Ang hindi magmahal sa kanyang salita
Mahigit sa hayop at malansang isda,
Kaya ang marapat pagyamanin kusa
Na tulad sa inang tunay na nagpala.

Ang wikang Tagalog tulad din sa Latin,
Sa Ingles, Kastila at salitang anghel,
Sapagkat ang Poong maalam tumingin
Ang siyang naggawad, nagbigay sa atin.


Ang salita nati'y tulad din sa iba

Na may alphabeto at sariling letra,
Na kaya nawala'y dinatnan ng sigwa
Ang lunday sa lawa noong dakong una.

*https://www.filipinaslibrary.org.ph/himig/featured-song-sa-aking-mga-kabata/*

**Mga katanungan**

1. Paano mo binasa ang tula?
2. Mabilis ba o tuloy-tuloy ang pagbasa mo sa tula?
3. Anong damdamin ang mayroon sa tula?
4. Magkapareho ba ang bigkas ng mga salita?
5. Ano ang napansin mo sa tono ng pagbigkas ng tula?



## *Suriin*

**Diin-**ang lakas, bigat o bahagyang pagtaas ng tinig sa pagbigkas ng isang pantig sa salita. Ang diin ay isang ponema sapagkat sa mga salitang may iisang tunog o baybay, ang pagbabago ng diin ay nakapagpapabago ng kahulugan nito.

Halimbawa:
BUhay- kapalaran ng tao
buHAY- humihinga pa

**Tono -** ang pagtaas at pagbaba ng tinig na maaaring makapagpasigla, makapagpahayag ng iba;t ibang damdamin, makapagbigay-kahulugan, at makapagpahina ng usapan upang higit na maging mabisa ang ating pakikipag-usap sa kapuwa.

Nagpapalinaw ito ng mensahe o intensyong nais ipabatid sa kausap tulad ng pag-awit. Sa pagsasalita ay may mababa, katamtaman at mataas na tono. Maaaring gamitin ang bilang 1 sa mababa, bilang 2 sa katamtaman, at bilang 3 sa mataas.

Halimbawa:
kahapon = 213, pag-aalinlangan
kahapon = 231, pagpapatibay, pagpapahayag

**Antala -** bahagyang pagtigil sa pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ibig ipahatid sa kausap. Maaaring gumamit ng simbolo kuwit (,), dalawang guhit na pahilis (//), o gitling (-).


<u>Mga halimbawa:</u>

a) Hindi/ ako si Joshua.
(Pagbigkas ito na ang hinto ay pagkatapos ng HINDI. Nagbibigay ito ng kahulugan na ang nagsasalita ay nagsasabing siya si Joshua na maaaring siya'y napagkamalan lamang na sa Arvyl.)

b) Hindi ako, si Joshua.
(Pagbigkas ito na ang hinto ay nasa AKO. Pagpapahiwatig ito na ang kausap ay maaaring napagbintangan ng isang bagay na hindi ginawa. Kaya sinasabi niyang hindi siya ang gumawa kundi sa Joshua.)

*Pinaghanguang aklat: Panitikang Asyano, Peralta, Romulo N.,et.al.pahina 98-99*

Balikang muli ang tulang "Sa Aking Mga Kababata." Bigkasin nang may angkop na diin, tono, antala at damdamin ang tula.



# Pagyamanin

Balikan mo ang tula ni Andres Bonifacio na nasa *Balikan*. Bigkasin mon ang may angkop na tono, diin, at antala ang tula. Gawing gabay ang rubrik sa ibaba para makakuha ng mataas na marka.

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Tono<br>Nalalapatan ng angkop na pagtaas at pagbaba ng pagkakabigkas ng tula | | | | | |
| Diin<br>Wasto ang lakas ng pagbigkas ng bawat salita sa tula | | | | | |
| Antala<br>Hindi tuloy-tuloy ang pagkakabasa at may wastong paglapat ng tigil ng bawat linya sa tula | | | | | |
| Kabuoan | | | | | |


5-Pinakamahusay

4-mahusay

3-katanggap-tanggap

2-mapaghuhusay pa

1-nangangailan pa ng mga pantulong sa pagsasanay



# *Isaisip*

**Tandaan:**

Sa pagbigkas ng isang tula, mahalagang angkop ang bigkas ng diin ng bawat salita, ang tono ng pahayag at ang antala nito upang mabigyang-linaw ang mensahe ng tula sapagkat magbabago ang kahulugan nito kung hindi ito nabibigkas nang wasto.

Gawain:

Basahin at bigkasin nang tama ang mga salita at pangungusap. Pagkatapos ay dugtungan ang pahayag sa ibaba.

1. PUno
2. puNO
3. Lumilindol!
4. Lumilindol?
5. Lumilindol.
6. Hindi siya si Mario.
7. Hindi, siya si Mario.

*Natutuhan kong*
____________________________________________________________
____________________________________________________________
___________________________________________________________.

# *Tayahin*

Panuto: Basahin ang pahayag at sagutin ang mga katanungan. Isulat ang tamang letra sa inyong sagutang papel.

1. Ang **saya** ng kanyang kaklase nang makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit. Ano ang ibig sabihin ng salitang **saya**?
   A. damit ng babae
   B. ligaya
   C. mahusay
   D. magaling
2. **Umalis ka**? Ano ang tono ng pahayag?
   A. nang-uutos
   B. nakikiusap
   C. may pag-alinlangan
   D. nagsasalaysay

| |
|---|
| Ang hindi magmahal sa kanyang salita<br>Mahigit sa hayop at ***malansang*** isda,<br>Kaya ang marapat pagyamanin kusa<br>Na tulad sa inang tunay na nagpala. |

3. Ano ang ibig sabihin ng salitang may salungguhit?
   A. marami
   B. malaki
   C. maliit
   D. mabaho
4. Alin sa pahayag ang may wastong antala na nangangahulugang ipinakilala niya ang ama sa kapitan?
   A. Kapitan ang tatay ko.
   B. Kapitan, ang tatay ko.
   C. Kapitan ang tatay, ko.
   D. Kapitan may tatay ako.
5. **Baka** abutin tayo ng ulan kung hindi tayo magmadali. Ano ang ibig sabihin ng salitang baka sa pangungusap?
   A. hayop
   B. uri ng puno
   C. siguro/marahil
   D. gamit sa panligo

| |
|---|
| Ang salita nati'y tulad din sa iba<br>Na may alphabeto at sariling letra,<br>Na kaya nawala'y dinatnan ng **sigwa** |

| Ang lunday sa lawa noong dakong una. |
| --- |

6. Ano ang ibig sabihin ng salitang sigwa?
   A. baha
   B. bagyo
   C. lindol
   D. pagguho
7. Ano ang angkop na diin ng salitang letra?
   A. LAwa
   B. laWA
   C. LAWa
   D. LAWA

***Para sa 8-10***

Piliin ang pangalan ng sumusunod ayon diin nito. Isulat lamang ang tamang letra.

8. 

   A. BAsa
   B. baSA

9. 

   A. puNO
   B. PUno

10. 

    A. BUkas
    B. buKAS

# Karagdagang Gawain

Magsaliksik o maghanap ng isang maikling tula na may 4 na saknong pataas. Kumuha ng limang (5) salita at ilagay ang diin at gamitin sa pangungusap ayon sa wastong diin nito.

# Susi ng Pagwawasto

**Balikan**

1. lumaki
2. pasulat na gawa
3. mahirap
4. walang alam
5. nakulong
6. pagmamahal
7. ipinagmamalaki
8. mahusay

**Tuklasin**

Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang pag-iskor ng guro

**Pagyamanin**

Ibase sa rubrik sa pagmamarka

**Isaisip**

Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang pag-iskor ng guro

**Tayahin**

1. B
2. C
3. D
4. B
5. C
6. B
7. A
8. A
9. A
10. B

# *Sanggunian*

**Aklat**

Peralta, R.N. et al. (2014), *Panitikang Asyano 9* Meralco Avenue, Pasig City. Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

**Website**

*https://www.kapitbisig.com/philippines/poems-written-during-the-spanish-regime-pag-ibig-sa-tinubuang-lupa-tula-ni-andres-bonifacio_1108.html*

*https://www.filipinaslibrary.org.ph/himig/featured-song-sa-aking-mga-kabata/*

**Mga Larawan**

*https://www.pinterest.com.au/pin/841680617842338375/?nic_v2=1a2n6X8dD*

*https://www.freepik.com/premium-vector/glass-water-icon_3744099.htm*

*https://www.freepik.com/premium-vector/cartoon-open-door-apartment-hallway-entrance-office-lobby_6332551.htm*